**Abiso ng Tanggapan ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon (NBTC)**

**Patungkol sa: Mga Panuntunan at Kondisyon sa Paglisensiya ng Radio Frequency sa mga Unmmaned Aerial Vehicle (UAV) para sa Pangkalahatang Paggamit**

---

Sapagka't naaangkop na itakda ang mga tuntunin at kundisyon sa pag paglisensiya ng radio frequency ng mga Unmanned Aerial Vehicle (UAV) para sa pangkalahatang paggamit at sa pampublikong pasilitasyon upang ang UAV ay maaaring gamitin sa mga pangkalahatang pakay bilang isang libangan, pang kasiyahan, o pangpalakasan, at ulat ng kaganapan o ulat ng trapiko, potograpiya, pagkuha ng pelikula, mga palabas, o sa mga pagganap sa programang telebisyon, sa mga pananaliksik at pagpapaunland, o iba pang mga gawain, alinsunod sa mga tuntunin at kondisyon sa pagkontrol at paglunsad ng mga Unmanned Aerial Vehicle (UAV) alinsunod sa Batas ng Nabigasyon ng Thailand.

Sa bisa ng mga probisyon sa ilalim ng Seksyon 27 (4) ng Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga ng Radio Frequency at Pangangasiwa sa Mga Serbisyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ng 2010, na sinusugan mula Batas sa Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga ng Radio Frequency at Pangangasiwa sa Mga Serbisyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ng 2017 (Bi. 2) at Seksyon 27 (5) at (24) ng Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga ng Radio Frequency at Pangangasiwa sa Mga Serbisyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ng 2010 na kaugnay sa Seksyon 6 at Seksyon 11 ng Batas sa Komunikasyong Panradyo ng 1955, na sinusugan ng Batas sa Komunikasyong Panradyo ng 1992, ang Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawit at Telekomunikasyon ay samakatuwid ay itinatakda ang mga sumusunod:

Takda 1 Ang Abiso ay pagbibigyang bisa isang araw mula sa petsa ng pagkalathala nito sa Government Gazette

Takda 2 Ang Abiso na ito ay dapat i-aplay sa mga kaso na kung saan ang lahat ng mga abiso, mga patakaran, regulasyon, at iba pang mga kautusan ay itinakda, o sa pagkakasalungatang napapaloob dito

Takda 3 Sa Abisong ito,

Ang "Unmanned Aerial Vehicle (UAV)" ay nangangahulugan na isang sasakyang panghimpapawid na walang sakay na piluto, bagkus ay ginagamitan ng aircraft control system at aircraft controller sa labas ng nasabing sasakyang panghimpapawid. Hindi kasama dito ang maliliit na sasakyang panghimpapawid na ginamit bilang panlaruan na itinakda ng Kagawaran ng Transportasyon na Batas sa Kagawarang Regulasyon sa mga Di-Sasakyang Panghimpapawid ng 2005.

Ang “Pangkalahatang Paggamit” ay nangangahulugan sa pagkakagamit ng Unmanned Aerial Vehicle (UAV) na kinikontrol mula sa labas para sa absasyon ayon sa itinakda sa Abiso ng Kagawaran sa Transportasyon sa Mga Panuntunan para sa Pahintulot at Kundisyon para sa Pagkontrol at Paglunsad ng mga Unmanned Aircraft sa Kategorya ng Kontroladong Sasakyang Panghimpapawidat at Kasunod na Susog.

Ang "Suplayer (Negosyante)" ay nangangahulugang at kinabibilangan nga tagagawa, tagapamahagi o taga-angkat ng mga kagamitan at aparato sa komunikasyong panradyo na may pananagutan sa nasabing kagamitan at aparato, at maaring isang likas na mamamayan ng Thailand o na isang juristic person na itinakda sa ilalim ng Batas ng Thailand.

Takda 4 Frequency at Transmitting Power

Ang paggamit ng Radio Frequency at Equivalent Isotropically Radiated Power (e.i.r.p.) ay natutukoy batay sa sumusunod na talaan:

| Frequency (MHz) | Pinakamataas na e.i.r.p. (mW) |
|---|---|
| 433.05 – 434.79 | 10 |
| 2400 – 2500 | 100 |
| 5725 - 5850 | 1000 |

Sa kaso na ang paggamit ng frequency na tumatalima sa iba pang mga abiso ng NBTC para sa Unmanned Aerial Vehicle ay hindi alinsunod sa mga patakaran na nakapaloob, at nakarehistro alinsunod sa utos ng NBTC sa Pagpaparehistro ng Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na ginamit sa Unmanned Aircraft sa Kategorya ng Remotely Piloted Aircraft (Drone), ang nasabing radio frequency ay dapat gamitin sa buong buhay ng pagkakagamit ng kagamitan sa komunikasyong panradyo maliban kung itinakda ng NBTC.

Ang Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ay maaaring ikonsidera ang pagbibigay ng pahintulot sa paggamit ng radio frequency at pakawang lakas (radiated power) na wala sa tinakdang limitasyon sa pamamagitan ng pagkonsidera sa kaakmahan batay sa kung anong pangyayaring kinakaharap.

Takda 5 Lisensiya sa Komunikasyong Panradyo

(1) Ang kagamitan sa komunikasyong panradyo na Unmanned Aerial Vehicle (UAV) ay eksemted sa pagkadi-resikito ng lisensiya sa pagkakaroon, paggamit at pagluwas ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo at lisensya sa pagtatatag ng istasyon ng komunikasyong panradyo, subalit ay di dapat eksemted sa pagkakalisensiya sa paggawa, pag-angkat, at pangangalakal ng kagamitan sa komunikasyong panradyo.

(2) Ang tao na nagmamay-ari ng UAV ay dapat magparehistro sa NBTC base sa itinakdang mga kondisyon, hakbang, at mga pamamaraan ng Tanggapan ng NBTC

Takda 6 Deklarasyon sa Pagsang-ayon alinsunod sa Teknikal na Pagtutukoy

Ang negosyante ay dapat magdeklara sa pagsang-ayo alinsunod sa mga Teknikal na Pagtutukoy sa ilalim ng Takda 4 gamit ang panuntunan ng Deklarasyon sa Pagsang-ayon ng Suplayer (SDoC).

Takda 7 Karapatan sa Proteksyon ng Panghihimasok

Ang karapatan sa proteksyon ng panghihimasok ay hindi ipinagkaloob sa paggamit ng mga radio frequency para sa mga UAV alinsunod dito. Kung ito ay magdulot ng kalubhaan sa antas ng intensidad na labag sa paggamit ng radio frequency ng iba pang loop sa komunikasyon sa anumang lugar, dapat agad na suspindihin ng user ang paggamit ng naturang kagamitan sa komunikasyong panradyo na nagdudulot ng pagkagambala sa lugar na iyon.

Takda 8 Ang mga kondisyon sa iba pang paggamit ay dapat alinsunod sa Abiso ng Kagawaran sa Transportasyon sa Mga Panuntunan para sa Pahintulot at Kundisyon para sa Pagkontrol at Paglunsad ng mga Unmanned Aircraft sa Kategorya ng Kontroladong Sasakyang Panghimpapawidat at Kasunod na Susog.

Ipinahayag noong ika-12 ng Enero, 2018.

Heneral Sukit Khamasunthorn

Komisyoner ng Tanggapan ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon

Gumaganap bilang Komisyoner ng Tanggapan ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon

-------------------------------------------

This translated version is prepared with the sole purpose of facilitating the comprehension of foreign participants in the telecommunication rules and regulations and shall not in any event or by any reason be construed or interpreted as having effect in substitution for supplementary to the Thai version thereof. If its translation to other languages is in contrary to Thai version, the latter shall prevail.

Please note that the translation has not been subjected to an official review by the Office of the National Broadcasting and Telecommunications Commission. The Office of NBTC, accordingly, shall not undertake any responsibility for its accuracy, nor be held liable for any loss or damages arising from or in connection with its use.

-------------------------------------------